# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I



**MODYUL 10**
**TUNGO SA PAGTATATAG NG PAMAHALAANG PILIPINO**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 10

## TUNGO SA PAGTATATAG NG PAMAHALANG PILIPINO

Tatalakayin sa modyul na ito ang pagtatatag ng iba't ibang pamahalaan; ang Pamahalaang Rebolusyunaryo sa Cavite; at ang Unang Republika sa Malolos.

May tatlong aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang Pagtatatag ng Pamahalaang Diktadura
- Aralin 2: Pamahalaang Rebolusyunaryo sa Cavite
- Aralin 3: Ang Unang Republika sa Malolos

Pagkatapos ng modyul, inaasahang iyong:

1. Mabibigyang puna ang pagtatatag ng Pamahalaang Diktadura at Pamahalaang Rebolusyunaryo;
2. Mabubuod ang mahahalagang probisyon ng Saligang-Batas ng Malolos; at
3. Maipaliliwanag ang kahalagahan ng Unang Republika sa Malolos.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

A. Direksyon: Itambal ang hanay A sa hanay B. Isulat ang titik sa patlang.

A

______1. Hulyo 12, 1898
______2. Apolinario Mabini
______3. Ambrosio Bautista
______4. Antonio Luna
______5. Emilio Aguinaldo
______6. Felipe Calderon
______7. Jose Palma
______8. Juan Pelipe
______9. Julio Nakpil
______10. Marcela Agoncillo
______11. Ang sumulat ng saligang-batas na nagtadhana ng isang Republikang Pederal
______12. Ang nagpayo kay Aguinaldo na itatag ang Pamahalaang Diktadura.
______13. Noong Hunyo 12, 1898, ipinahayag ni Heneral Aguinaldo ang ________ sa Kawit, Cavite.
______ 14. Ang pamangkin ni Dr. Jose Rizal na tumulong sa pagtahi ng ating watawat
______ 15. Ang tinaguriang "Dakilang Lumpo"
______ 16. Ang unang republika sa Asya
______ 17. Ang Kongresong pinasinayaan noong Setyembre 15, 1898 sa Malolos, Bulacan
______ 18. Ang Republikang pinasinayaan sa simbahan ng Barasoain noong Enero 23, 1899.
______ 19. Pamahalaang itinatag ni Aguinaldo pagbalik niya mula Hongkong.
______ 20. Ang ipinalit sa Pamahalaang Diktadura.

B.


a. Gumawa ng watawat ng Pilipinas
b. Alagad ng Musika sa Panahon ng Rebolusyon
k. Naglapat ng lirika sa Pambansang Awit ng Pilipinas
d. Pinakamagaling na Heneral ng Republika ng Pilipinas
e. Pangulo ng Unang Republika
f. Sumulat ng " Batas sa Pagpapahayag ng Kasarinlan"
g. Sumulat ng Pambansang Awit.
h. Sumulat ng Saligang Batas ng Malolos
i. Pagpapahayag ng Kasarinlan ng Pilipinas sa Kawit, Cavite
j. Utak ng Himagsikan
k. Ambrosia Bautista
l. Apolinario Mabini
m. Mariano Ponce
n. Kongreso ng Malolos
o. Kasarinlan ng Pilipinas
p. Pamahalaang Rebolusyunaryo
q. Pamahalaang Diktadura
r. Josefina Herbosa
s. Unang Republika ng Pilipinas
t. Republika ng Malolos

**ARALIN 1**

**ANG PAMAHALAANG DIKTADURA**



Pag narinig mo ang salitang diktadura, ano ang sumasagi sa iyong isipan? Tinatalakay dito ang dahilan ng pagtatag ng Pamahalaang Diktadura ni Aguinaldo. Bakit kailangang gawin niya ito?



Pagkatapos mong pag-aralan ang mga paksa sa araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Makapagsusuri ng mga salik o dahilan ng pagkakatatag ng Pamahalaang Diktadura ni Aguinaldo; at
2. Maipaliliwanag ang kahalagahan at mga simbolo ng kasarinlan para sa mga Pilipino.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**



**Proklamasyon ng Kasarinlan ng Pilipinas sa Kawit, Cavite**

Pag-aralan ang larawan. Pagkatapos ay ilarawan ayon sa iyong sariling pang-unawa ang mahalagang pangyayaring nasa larawan. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

**Ang Pagtatatag ng Pamahalaang Diktadura**

Ang tagumpay ni George Dewey sa labanan sa Manila Bay ang nagbadya ng wakas ng pananakop Espanya. Kayat nang malaman ito ni Aguinaldo na kasalukuyang nasa Hongkong, siya'y labis na natuwa. Hihingi siya ng tulong sa Amerika upang matamo ang kasarinlan!

Dahil sa paniniwalang ang mga Amerikano ang siyang magpapalaya sa Pilipinas, umuwi agad sa Pilipinas si Aguinaldo. Dumating siya sa Cavite noong Mayo 19, 1898.

Sa Modyul 9, naunawaan natin kung bakit napadpad sa Hongkong si Aguinaldo. Dahilan sa Kasunduan sa Biak-na-Bato, hindi ba? Nang siya ay nasa Hongkong, ipinagpatuloy niya ang pagbabalak upang maging malaya ang Pilipinas mula sa Kastila.

Taglay ni Aguinaldo mula Hongkong ang isang saligang-batas na nagtatadhana ng isang republikang pederal. Ang saligang-batas na ito ay isinulat ni Mariano Ponce. Ngunit hinikayat siya ni Ambrosio Rianzares Bautista, ang kanyang tagapagpayo, na hindi pa handa ang bansa para sa isang republika. Ayon kay Bautista, kinakailangang magkaroon ng diktadura upang lubos na magtagumpay sa labanan.

Dahil dito, itinatag ni Heneral Aguinaldo noong Mayo 24,1898 ang Pamahalaang Diktadura. Siya mismo ang diktador. Ipinahayag niya na ang kanyang pamahalaang diktadura ay pansamantala lamang at mananatili hanggang sa maitatag ang republika.

Ang pinakamakabuluhang natamo ng Pamahalaang Diktadura ay ang pagpapahayag ng kasarinlan ng Pilipinas sa Kawit, Cavite noong Hunyo 12,1898. Dahilan sa walang maaaring sumalungat sa kanyang mga plano, naisulong at namadali ni Aguinaldo ang pagdedeklara ng kasarinlan. Ito ay sa kadahilanang nais niyang maging lubusang malaya sa Espanya bago pa dumaong dito ang mga Amerikano.

Ang madulang bahagi ng seremonya ay ang pormal na pagwawagayway ng watawat ng Pilipinas. Puno ng kaligayahan ang mga tao. Kasabay nito, tinugtog ng banda ang Pambansang Awit ng Pilipinas. Taimtim na binasa ni Ambrosio Rianzares Bautista ang " Batas sa Pagpapahayag ng Kasarinlan." Nilagdaan ng 98 katao ang deklarasyong ito.


## Ang Watawat at Pambansang Awit

Ang watawat ng Pilipinas na iwinagayway sa seremonya ay ginawa ni Gng. Marcela de Agoncillo, maybahay ni Don Felipe Agoncillo. Sa Hongkong nayari ang watawat. Katulong si Gng. Josefina Herbosa de Natividad, pamangkin ni Dr. Jose Rizal. Ito'y idinisenyo ni Heneral Aguinaldo mismo.

Yari ito sa seda, may puting tatsulok sa kaliwa na may isang araw sa gitna. May walong sinag ang araw, may bituin sa bawat sulok ng tatsulok, may pahalang na bughaw sa itaas at pahalang na pula sa ibaba. Kumakatawan ang puting tatsulok sa pagkakaisa; ang pahalang na bughaw sa itaas ay para sa kapayapan, katotohanan at katarungan; at ang pahalang na pula sa ibaba ay para sa pagkamakabayan at kagitingan.

Ang araw na may walong sinag sa loob ng tatsulok ay kumakatawan sa unang walong lalawigang nakipaglaban sa Espanya.Kumakatawan ang tatlong bituin sa Luzon, Visayas,at Mindanao.

Ang watawat na ito ay siya nating watawat hanggang ngayon.



**Ang Watawat ng Pilipinas**




Ang Pambansang awit ng Pilipinas ay isinulat ni Julian Felipe, isang Pilipinong guro sa musika. Tinapos niya ito noong Hunyo 11, 1898. Ang magandang himig ng awit ang nagpaalab sa makabayang damdamin ng mga mamamayan.

Nanatiling walang lirika ang awit sa loob ng mahigit ng isang taon. Noong Agosto 1899, isinulat ni Jose Palma ang isang tula na pinamagatang “Filipinas” at ito ang naging lirika ng awit. Nasasaad sa Pambansang Awit na handa ang bawat Pilipino na mamatay alang-alang sa bayan. Ito pa rin ang ating pambansang Awit hanggang sa ngayon.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Ipaliwanag ang mga sumusunod na tanong:

1. Habang naghahanda ang mga Amerikano upang sakupin ang Maynila, paano naihanda ni Aguinaldo ang pagproklama ng kasarinlan ng Pilipinas?
2. Ano ang ipinahahayag ng mga linya ng ating Pambansang Awit? Isulat mo o kaya’y kumuha ka ng isang sipi ng Pambansang Awit. Idikit sa iyong kwaderno at sa ibaba nito, ipaliwanang ang bawat linya nito.

B. Pagtapat-tapatin ang tungkol sa pambansang watawat. Guhitan ng linya ang magkakabagay.

| A | B |
|---|---|
| 1. puting tatsulok | a. Luzon, Visayas, Mindanao |
| 2. bughaw | b. walong lalawigan |
| 3. pula | c. kagitingan |
| 4. araw | d. kapayapaan |
| 5. tatlong bituin | e. pagkakaisa |



**TANDAAN MO!**

- Ang nais na itatag na pamahalaan ni Emilio Aguinaldo ay ang Pamahalaang Pederal na naaayon sa Saligang-Batas na isinulat ni Mariano Ponce. Ngunit sinabi ni Ambrosio Rianzares Bautista na hindi pa handa ang Pilipinas kayat kailangan ang diktadurang pamahalaan.
- Pagpapahayag ng kasarinlan ng Pilipinas sa Kawit, Cavite ang makabuluhang natamo ng Pamahalaang Diktadura.
- Unang naideklara sa Kawit, Cavite noong Hunyo 12, 1898 ang kasarinlan ng Pilipinas. Sa isang madamdaming seremonya, iwinagayway ang pambansang watawat at inawit ang pambansang awit.



**Gawain 3: Paglalapat**


Ngayong tayo ay lubusan nang isang malayang bansa, ano ang mga natatamasa mong epekto ng pagkakaroon ng kasarinlan? Sumulat ng isang sanaysay na may pamagat na “Ang Maging Malaya”.

**ARALIN 2**

**ANG PAMAHALAANG REBOLUSYUNARYO**



Mula sa isang pamahalaang diktadura, nagtatag ng pamahalaang rebolusyunaryo si Aguinaldo. Bakit mahalaga ang yugtong ito ng ating kasaysayan? Sa araling ito, tatalakayin ang mga kontribusyon ng pamahalaang ito tulad ng Kongreso ng Malolos at ang pagpapatibay ng Konstitusyon bilang patunay ng pagsasarili ng bansa.



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang tunay na layunin ng pagtatatag ng Pamahalaang Rebolusyunaryo;
2. Mabibigyang puna ang partisipasyon ng mga Pilipinong bumuo ng pamahalaang ito; at
3. Matatalakay ang mahalagang kontribusyon ng Kongreso ng Malolos.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bago ka magsimula ng aralin, subukin mo kung makikilala mo ang ilan sa mga Pilipinong may mahalagang ginampanan sa ilalim ng Pamahalaang Rebolusyunaryo. Hanapin at buuin ang mga sagot.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | A | V | E | R | A | A | D |
| T | R | I | A | S | L | K | E |
| M | A | B | I | N | I | O | L |
| M | N | S | P | D | E | C | P |
| L | E | G | A | R | D | A | I |
| U | T | F | J | H | G | M | L |
| N | A | V | Q | R | X | P | A |
| A | T | B | C | F | I | O | R |

**Pagbabago ng Pamahalaang Diktadura**

Pagkatapos ng pagpapahayag ng kasarinlan ng Pilipinas, naging tagapayo ni Heneral Aguinaldo si Apolinario Mabini, ang Dakilang Lumpo. Dahil sa kanyang angking talino, tinawag siyang Utak ng Rebolusyon ng Pilipinas. Sa payo ni Mabini, binago ni Aguinaldo ang Pamahalaang Diktadura at ginawang Pamahalaang Rebolusyonaryo noong Hunyo 23, 1898.

**Ang Pamahalaang Rebolusyunaryo**

Ang unang gabinete ng Pamahalaang Rebolusyunaryo ay binubuo ng mga sumusunod: Baldomero Aguinaldo, Kalihim Panloob; at Mariano Trias, Kalihim ng Pananalapi. Hinirang na Kalihim ng Katarungan si Gregorio Araneta at si Pardo de Tavera bilang Direktor ng Diplomasya.

Itinadhana ni Aguinaldo ang halalan para sa kinatawan sa Kapulungang Republikano na bubuuin ng kapulungang maghahanda ng Saligang-Batas ng bansa. Ang kapulungang iyon ay ang Kongreso ng Malolos.


**Ang Kongreso ng Malolos**

Noong umaga ng Setyembre 15, 1898, pinasinayaan ang Kongreso ng Malolos sa Simbahan ng Barasoain, Malolos, Bulacan sa makulay na pagdiriwang. Nang sumunod na araw, inihalal ang mga pinuno ng Kongreso. Sila ay sina: Pedro Paterno Pangulo; Benito Legarda, Pangalawang Pangulo; at Gregorio Araneta at Pablo Ocampo, mga Kalihim.

Mahalaga ang Kongreso ng Malolos. Kabilang sa mga naisagawa ng Kongreso ang mga sumusunod:

1. Ratipikasyon ng kasarinlan ng Pilipinas noong Setyembre 29, 1898.
2. Pagpapatibay ng Saligang-Batas ng Malolos.

   Binuo ng 19 na mga kagawad ang tatlong sipi ng Saligang-Batas na isinumite upang pag-aralan. Ang mga ito ay ang Plano ni Mabini, Plano ni Paterno, at Plano ni Calderon. Pagkatapos ng isang masusing pag-aaral, napili ng komite ang Plano ni Calderon.
3. Noong Nobyembre 29, 1898, pinagtibay ng mga kagawad ng kongreso ang konstitusyon. Sa wakas, noong Enero 21, 1899 ipinahayag ni Pangulong Aguinaldo ang Konstitusyon ng Malolos bilang Saligang-Batas ng kapuluan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ipaliwanag ang iyong mga sagot sa mga sumusunod na katanungan:

1. Bakit binago ni Aguinaldo ang Pamahalaan mula sa diktadura tungo sa Rebolusyonaryong Pamahalaan?
2. Ano ang kahalagahan ng Kongreso ng Malolos?
3. Bakit sinasabing pinaka-unang mahalagang dokumento ng mga Pilipino ang Saligang-Batas ng Malolos?



**Tandaan Mo!**

- Dahil sa angking talino, tinawag si Mabini na Utak ng Himagsikan.
- Noong Nobyembre 29, 1898, pinagtibay ng mga kagawad ng kongreso ang Konstitusyon ng Malolos.
- Noong Enero 21, 1899 idineklara ni Pangulong Aguinaldo ang Konstitusyon ng Malolos bilang Saligang-Batas ng kapuluan.
- Ang mahalagang kontribusyon ng Kongreso ng Malolos ay ang pagpapatibay ng Saligang-Batas ng Malolos.
- Ang Saligang-Batas ng Malolos ang siyang nagdisenyo ng demokrasyang pamahalaan ng Pilipinas.



**Gawain 3: Paglalapat**

Nakakita ka na ba ng Saligang-Batas? Bakit mahalaga ito sa isang bansa?


Bilang miyembro ng isang asosasyon, paano mo sinusunod ang isang Saligang-Batas? Mag-interbyu sa iyong lugar ng isang asosasyon o kooperatiba sa iyong barangay. Ipaliwanag kung ano ang papel ng isang Saligang-Batas sa isang asosasyon o kooperatiba.

**ARALIN 3**

**PAGSILANG NG UNANG REPUBLIKA NG PILIPINAS**



Palagay ko ay unti-unti mo nang naliliwanagan ang pinagdadaanang pagbabago ng pamamahala ng Pilipinas. Ngayon naman, matatalakay sa araling ito ang pagsilang ng unang Republika ng PIlipinas na tinaguriang Unang Republika sa Asya. Halika na't talakayin natin ang mga mahalagang kontribusyon sa ilalim ng Republikang ito.



Pagkatapos ng pag-aaral, inaasahang iyong:

1. Matatalakay ang kahalagahan ng pagtatatag ng unang Republika ng Pilipinas;
2. Masusuri ang mga kontribusyon sa ilalim ng Unang Republika;
3. Mailalarawan kung paano lumaban ang mga Pilipino laban sa mga Amerikano upang mapanatili ang kasarinlan ng republika ng Pilipinas; at
4. Maipaliliwanag kung paano at sa anong dahilan bumagsak ang isinilang na Unang Republika ng Pilipinas.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang mga sumusunod ay may papel na ginampanan sa pagtatatag ng Unang Republika. Isulat ang mga nawawalang titik sa bawat bilang upang mabuo ang kanilang mga pangalan. Matutulungan ka ng pahiwatig sa kanang hanay.

1. F____________ Makabayang guro ng musika.
2. G____________ Biyuda ni Andres Bonifacio
3. L____________ Matapang na Heneral
4. M____________ Dakilang Lumpo
5. N____________ Napangasawa niya si Gregoria De Jesus
6. P____________ Naglapat ng lirika ng Pambansang Awit ng Pilipinas

**Ang Republika ng Malolos**

Noong Enero 23, 1899, sa pamamagitan ng makulay na pagdiriwang ay pinasinayaan sa Simbahan ng Barasoain ang bantog na Republika ng Malolos. Ito ay kinilala ring Unang Republika sa Asya.

Ang Unang Republika ng Pilipinas, kahit na hindi kinilala ng Amerika at iba pang banyagang bansa, ay isang tunay na Republika ng Pamahalaang Pilipino, at para sa mga Pilipino. Ito'y ipinagmamalaki ng karaniwang Pilipino. Ang kapangyarihan nito ay kinilala hindi lamang sa Luzon, kundi sa Visayas, Mindanao at Palawan.

**Pahayagan ng Rebolusyon**

Upang maiparating ang adhikain ng mga Pilipino sa Republika, ang pamahalaan ay nagtatag ng pahayagan. Ang opisyal na pahayagan ng Unang Republika ng Pilipinas ay ang El Heraldo de la Revolucion (Pahayagan ng Rebolusyon).

Maraming mga pribadong pahayagan ang lumabas noong panahon ng Republika. Ang La Independensia (Kalayaan), ay pinamatnugutan ni Heneral Antonio Luna. Ang La Republica Filipina (Republika ng Pilipinas), ay pinamatnugutan ni Dr. Pedro A. Paterno. Ang pinakabantog sa mga panlalawigang pahayagan ay ang El Nuevo Dia (Ang Bagong Araw), na pinamatnugutan ni Sergio Osmeña.

**Mga Manunulat ng Unang Republika**

Ginamit ng mga manunulat na Pilipino ang kanilang panulat upang pukawin ang damdaming makabayan ng mga tao. Ang tatlong pangunahing manunulat ng tula ay sina Jose Palma (1876-1903), Fernando Ma. Guerrero (1873-1929) at Cecilio Apostol (1877-1938). Ang bantog na tulang Filipinas ay isinulat ni Jose Palma. Ang tanyag na tula ni Guerrero ay ang Mi Patria (Ang Aking Bansa). Ang A Rizal (Para kay Rizal), ang bantog na tula ni Apostol. Si Apolinario Mabini naman ang pinakadakilang manunulat na pulitikal nang panahon iyon. Kabilang sa kanyang mga sinulat ay:

1. *Constitutional Programme of the Philippine Republic*
2. *The True Decalogue*
3. *The Philippine Revolution*


Ang Pambansang Awit ng Pilipinas ang pinakadakilang pamana na isinulat ni Julian Felipe. Sumulat din siya ng komposisyong musikal, gaya ng Un Recuerdo, awit handog sa Labintatalong Martir ng Cavite, Responso, isang parangal kay Heneral Luna. Si Julio Nakpil ay sumulat ng isang awiting pinamagatang Marangal na Dalitang Katagalugan at pahimakas.

**Ang Edukasyon sa Unang Republika**

Isang sistema nang walang bayad at sapilitang edukasyong elementarya ang itinadhana ng Konstitusyon ng Malolos. Itinatag sa Malolos ang isang kolehiyo, *Military Academy* para sa mga Hukbo, at ang pinakamataas na institusyon ng pag-aaral, ang Literary University of the Philippines. Si Dr. Joaquin Gonzales ang unang rektor. Si Dr. Leon Ma. Guerrero ang ikalawa at huling rektor.

**Ang Pagbagsak ng Unang Republika**

Mahusay na sana ang pagpapatakbo ng Unang Republika. Subalit di ito nagtagal. Sumiklab ang digmaan sa pagitan ng Pilipino at Amerikano. Muling nakipaglaban ang magigiting na pinuno ng Republika. Subalit malakas ang puwersa ng mga Amerikano. Nadakip si Aguinaldo sa Palanan, Isabela noong Abril 1901. Bunga nito, bumagsak ang Unang Republika.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Narito ang talaan ng mga manunulat at ang kanilang mga isinulat noong panahon ng Unang Republika. Iugnay ng guhit ang mga pamagat sa hanay A sa mga sumulat sa hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Filipinas | a. Apostol |
| 2. Mi Patria | b. Jose Palma |
| 3. Rizal | c. Guerrero |
| 4. True Decalogue | d. Nakpil |
| 5. Pahimakas | e. Mabini |
| 6. Un Recuerdo | f. Julian Felipe |

B. Punan ng tamang sagot ang mga sumusunod na tanong:

1. Pinasinayaan sa Simbahang Barasoain noong Enero 23, 1899 ang ____________.
2. Ang opisyal na pahayagan ng Unang Republika ng Pilipinas ay ang ___________.
3. Ang Pahayagang _______________ ay pinamatnugutan ni Heneral Antonio Luna.
4. Ang pinakabantog sa mga panlalawigang pahayagan ay ang _________________.
5. Si _________________ ang dakilang manunulat ng pulitikal ng panahon ng Unang Republika.
6. Isang awit na handog sa Labintatlong Martir ng Cavite: ______________________

C. Ipaliwanag sa iyong kwaderno ang mga sumusunod na tanong:

1. Alamin at ipaliwanag ang mga pamantayan tungo sa pagtatatag ng Unang Republika ng Pilipinas.
2. Papaano naibahagi ng Republika ang rebolusyonaryong adhikain sa mga mamamayang Pilipino?



**Tandaan Mo!**

- Ang bantog na Republika ng Malolos ay itinuring na kauna-unahang Republika sa Asya.
- Ang opisyal na pahayagan ng Unang Republika ng Pilipinas upang maipahayag ang damdaming makabayan ng mga Pilipino ay ang El Heraldo de la Revolucion.
- Si Dr. Leon Ma. Guerrero ang ikalawa at huling rector ng pinakamataas na institusyong Literary University of the Philippines.
- Ang pagkadakip o pagkahuli ng mga Amerikano kay Pangulong Aguinaldo sa Palanan, Isabela ang dahilan ng pagbagsak ng Unang Republika ng Pilipinas.




**Gawain 3: Paglalapat**

Kung ikaw ay nabuhay noong panahon ng Unang Republika, ano ang gagawin mo upang ipagtanggol ang iyong pamahalaan? Magbigay ng tatlong bagay na iyong gagawin.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

- Ang rebolusyong Pilipino ay nagsimula sa mapayapang paglaban hanggang sa radikal na paglaban. Nagkaroon ng iba't ibang uri ng pamahalaan mula sa Biak-na-Bato hanggang sa pagsilang ng Unang Republika.
- Nang mapaalis ang mga Kastila, pumalit naman ang mga Amerikano. Nakipaglaban ang mga Pilipino ngunit hindi rin sila nagtagumpay sa maraming kadahilanan. Muli, nahadlangan ang pagsisikap at pagnanais ng mga Pilipino na makamit ang kalayaan.



**PANGHULING PAGSUSULIT:**

Panuto: Upang matiyak ang mga natutuhan mo sa araling ito sagutan mo ang mga sumusunod na gawain. Bilugan ang tamang sagot.

1. Ito ay naglalarawan ng katipunan ng mga karapatan ng tao ay

   A. Biak-na-Bato C. Kongreso

   B. Saligang-Batas D. Hukuman

2. Ang pagtatatag ng Diktadura ay nagbigay-daan upang:

   A. madeklara ang kasarinlan sa Kawit

   B. W\walang tumuligsa kay Aguinaldo

   C. tumapang ang mga Pilipino

   D. mabawi si Aguinaldo

3. Alin ang tama? Ang Pamahalaang Rebolusyunaryo ay

   A. itinatag sa Kawit.

   B. itinatag sa malolos.

   C. itinatag sa Hongkong.

   D. itinatag sa Maynila.

4. Ang unang pagdiriwang ng kasarinlan:

   A. Hulyo 4, 1946 C. Hunyo 12, 1898

   B. Hulyo 12, 1899 D. Disyembre 30, 1896

5. Si Aguinaldo ay nagpatapon sa

   A. Bulacan C. Hongkong

   B. Mindanao D. Mindoro

6. Ang ___ ang siyang nagdisenyo ng pamahalaang demokrasya sa Pilipinas

   A. Kasunduan sa Biak-na-Bato

   B. Saligang-Batas ng Malolos

   C. Pamahalaang Diktadura

   D. mga Amerikano

7. Isang pambansang selebrasyon ang araw at buwan ng Hunyo 12 dahil sa

   A. bumalik si Aguinaldo mula Hongkong.

   B. pagpapahayag ng kasarinlan ng Pilipinas.

   C. pamahalaang Diktadura.

   D. pamahalaang Sibil.

8. Ang Kawit, Cavite ay isang makasaysayang lugar dahil sa
   A. Himagsikan.
   B. Pamahalaang Diktadura.
   C. Rebolusyong Pamahalaan.
   D. dito ipinahayag ang kasarinlan ng Pilipinas.
9. Alin ang tama? Ang tatlong bituin sa pambansang watawat ay kumakatawan sa
   A. Luzon, Visayas at Mindoro
   B. Cebu, Mindoro at Panay
   C. Luzon, Visayas at Mindanao
   D. Cebu, Palawan at Panay
10. Ang maybahay ni Don Felipie Agoncillo na gumawa ng watawat ng Pilipinas
   A. Josefina Agoncillo
   B. Marcela de Agoncillo
   C. Josefina Herbosa
   D. Marcela de Natividad
11. Ang guro sa musika na sumulat ng pambansang awit ng Pilipinas
   A. Jose Palma
   B. Julian Felipe
   C. Pardo de Tavera
   D. Pedro Paterno
12. Si Apolinario Mabini ay tinawag “utak ng Rebolusyon” dahil sa
   A. siya’y dakilang lumpo
   B. tagapayo siya ni Aguinaldo
   C. kanyang talino
   D. mahusay na rebolusyonaryo
13. Ang lirika na inilapat ni Jose Palma sa Pambansang Awit ng Pilipinas ay mula sa tulang pinamagatang
   A. Bayan Ko.
   B. Sa Mahal Kong Bayan.
   C. Filipinas.
   D. Bayan Kong Mahal.

14. Makasaysayan ang pagkakatatag ng Unang Republika ng Pilipinas dahil sa ito'y unang Republika
    A. sa buong mundo
    B. laban sa mga Amerikano
    C. sa Asya
    D. na nakalaya sa Espanya.
15. Ang pinakamahalagang kontribusyon ng Kongreso ng Malolos ay ang
    A. pagbubuo ng kasunduan sa mga Amerikano.
    B. pagpapatibay ng Saligang-Batas ng Malolos.
    C. paghahalal ngmga pinuno.
    D. pagbubuo ng sanggunian.
16. Sa talumpati ni Aguinaldo, sinabi niya na " Dakila ang Araw na ito" dahil
    A. panibagong himagsikan ito laban sa Amerikano.
    B. pinasinayaan ang Simbahang Barasoai.
    C. isinilang ang Unang Republika ng Pilipinas.
    D. malaya na ang mga Pilipino.
17. Ang opisyal na pahayagan ng Unang Republika ng Pilipinas ay ang
    A. La Independencia
    B. Kalayaan
    C. El Heraldo de la Revolucion
    D. Republika
18. Ang pinakabantog na panlalawigang pahayagan na pinamamatnugatan ni Sergio Osmeña
    A. Filipinas
    B. El Nuevo Dia
    C. Mi Patria
    D. Un Recuerdo
19. Si Julio Nakpil ang sumulat ng Awit ng Katipunan na pinamagatang
    A. Himagsikan
    B. Kundiman
    C. Marangal na Dalitang Katagalugan
    D. Pahimakas
20. Bumagsak ang Unang Republika ng Pilipinas dahil sa
    A. malakas ang mga Amerikano.
    B. namatay si Heneral Antonio Luna.
    C. nadakip at sumuko si Aguinaldo sa mga Amerikano.
    D. nagkawatak-watak ang mga Pilipino.



**GABAY SA PAGWAWASTO**

Panimulang Pagsusulit

A.

1. I
2. J
3. F
4. D
5. E
6. H
7. K
8. G
9. B
10. A
11. M
12. K
13. O
14. R
15. L
16. S
17. N
18. T
19. Q
20. P

PANGHULING PAGSUSULIT

1. B
2. A
3. B
4. B
5. C
6. B
7. B
8. D
9. C
10. B
11. B
12. C
13. C
14. C
15. B
16. C
17. C
18. B
19. C
20. C